# LEARNING ACTIVITY SHEETS
# Grade 9 – Araling Panlipunan

Pangalan: ________________________Petsa: _________ Iskor: __________

## Konsepto, Dahilan, Epekto At Pagtugon Sa Implasyon

### Gawain 1 Kuwentong Implasyon

**Panuto:** Basahin ang teksto at suriin. Sagutan ang pamprosesong mga tanong.

**Ang Kuwento ni Emmanuel**

Sa isang maliit na pamayanan sa aplaya ng Metro Manila, maraming pamilya ang piniling manirahan para sa bagong oportunidad. Isa na ang pamilya ni Emmanuel dito. Dito na pinili ni Emmanuel na magtrabaho bilang helper sa construction. Mas mainam na raw iyon kaysa bilang magsasaka ng gulay sa probinsya dahil lalo silang nalulubog sa utang kaysa kumikita sa ani. Napakahirap lalo sa kapag may dumadaan na kalamidad, malaking kapital na kailangan at mababang bili ng mga negosyante sa kanilang produkto, kadalasan ay hindi nila dikta pa ang presyo. Kontrolado pa ng mga negosyanteng ito ang presyo at suplay sa pamilihan. Nagkulang ang suplay dahil marami sa kanyang kapwa magsasaka ang hindi na nakapagtanim at dahil sa nakaambang pagkulang ng suplay sa gulay, inaasahan na magkakaroon ng import mula sa Tsina, mas mura ang presyo kaysa sa kanilang tanim. Kaya sinamantala niya ah pagkakataong dalhin niya ang kanyang pamilya sa Maynila upang makapagsimula.

Dahil dayo, umuupa sila ng tirahang may isang maliit na kwarto sa na halagang 1500 kada buwan. Kasama niya sa ang kanyang asawang si Julieta at kanyang dalawang anak, si Erwin at Janna. Dahil helper siya sa site ay kumikita siya ng 300 pesos dahil hindi siya kinokonsidera bilang "skilled worker". Sa halagang ito ay pinagkakasya ni Julieta ang tatlong pagkain sa isang araw para sa kanilang mag-iina, baon at pamasahe ni Emmanuel sa araw-araw. Minsan nakakapangutang pa siya dahil sakitin ang kanyang bunsong anak na si Janna. Nairaraos naman nila ang kanilang pang-araw-araw dahil suma-side line din siyang labandera kapag may nagpapalaba sa lugar nila.

Ngayong pandemya ay pinatupad ang *community quarantine* upang maiwasan ang pagkalat ng COVID, natigil ang mga operasyon sa site. Naging dagok sa pamilya ang pagbabawas ng trabahador sa pinapasukan ni Emmanuel. Hindi regular na manggagawa ay isa siya mga natanggal. Hindi rin siya makahanap ng panibagong trabaho, ang kanyang asawa naman ay natigil sa paglalabada dahil wala na rin siyang customer. Nakatulong sa kanilang pamilya ang pinapadalang ayuda ngunit hindi nagtagal ay naputol din ito dahil daw ay hinahanapan pa ulit ng pondo at napatagal pa lalo ang quarantine. Sumabay pa ang pagkakasakit ni Janna dahil na rin di maayos na nutrisyon. Ang kanilang ipon ay nasasaid kasabay ng pagtaas ng presyo ng pangunahing bilihin at gamot. Naganap ang implasyon o pagtataas ng presyo ng bilihin dahil sa kalamidad at pandemya na lubhang nakaapekto sa suplay at demand. Hirap din makahanap si Emmanuel ng agarang trabaho dahil hindi niya maaring lumabag sa *quarantine protocol*.

Hanggang hindi pa magiging normal ang lahat, patuloy pa rin iniisip ng mag-asawa kung paano nila iraraos ang kanilang buhay ngayon. Pikit na nanalangin si Emmanuel na sana ay matapos na itong pandemya.



***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

Gabay na mga Tanong:

1. Mula sa tekstong iyong nabasa, ano ang implasyon at paano ito nakaapekto sa buhay ng pamilya ni Emmanuel?
   ________________________________________________
   ________________________________________________

2. Magbigay ng maaaring maging dahilan ng implasyon at epekto nito. Gamitin ang tsart para maging gabay.

| DAHILAN NG IMPLASYON | BUNGA NG IMPLASYON |
|---|---|
| | |
| | |

3. Ang iyong pamilya ba ay apektado din sa pagtaas ng bilihin tulad ng pamilya ni Emmanuel? Sa paanong paraan?
   ________________________________________________
   ________________________________________________

## Gawain 2 Plakard Ko, Boses Mo!

**Panuto:** Suriin ang panawagan ng mga *plakard* at tukuyin kung ito ay KONSEPTO, DAHILAN, EPEKTO at PAGTUGON sa implasyon.















***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

## Gawain 3 FaMEALy Budget




**Panuto:** Gumawa ng budget plan para sa isang pamilya na may limang miyembro. I-breakdown ang mga bilihin para sa isang araw na sahod.

Isa sa naging pagtugon ng ordinaryong mamamayan sa implasyon ang pag-aadjust sa budget ng kabahayanan. Ayon sa ulat noong 2018 ng National Wages and Productivity Commission ng Department of Labor and Employment, ahensya ng gobyerno na nangangasiwa sa usaping pasahod, P 537[1] kada araw (non-agriculture) o P 500 (agriculture, retail/ services and manufacturing). *([1]Pinagkunan: https://nwpc.dole.gov.ph/regionandwages/national-capital-region/)*

**SITWASYON**: Ang ama ng pamilya ay welder ng isang talyer ay sumasahod ng P537 kada araw. Siya lang ang tagapagtaguyod ng kanilang pamilya kaya ang buong kita niya ay binabadyet sa kanilang kabahayan na may tatlong anak.

---

Gabay na mga Tanong:




1. Kung isasaalang-alang ang halaga ng pinakamababang pasahod kada buwan na P10,740 (P537 kada araw) at iba pang gastusin tulad ng upa sa bahay, kuryente, tubig, gas atbp., sapat ba ang iyong ginawang budget plan?
_______________________________________________________________

2. Sino ang higit na nakakaramdam ng epekto ng implasyon? Ipaliwanag.
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________



***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

3. Sa kalagayang ito, ano ang nasasakripisyo ng mga Pilipino upang tumugon sa nangyayaring epekto ng implasyon sa mga mamamayan? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

## Gawain 4 Poli-SEE-ya

**Panuto:** Ang mga sumusunod ay ilan sa kasulukuyang panukala o polisiya ng pamahalaan na nakakaapekto sa implasyon. Suriin ang layunin ng mga polisiya na ito at tugunan ang kinakailangan sa tsart.

| | **Polisiya** | **Layunin ng Polisiya** | **Sakop ng Polisiya (sino-sino ang makikinabang)** | **Paano ito nakakaapekto sa Implasyon?** |
|---|---|---|---|---|
| 1 | *Rice Tarrification Law of 2018* | Nilalayong gawing malayo ang import, export at pamilihan sa bigas. Madali nang makakapasok ang mga import na bigas sa bansa. Kasama rin dito ang pinansyal na tulong sa pagsasaka | | |
| 2 | *Bayanihang Heal as One Act of 2020* | Batas na nagbibigay ng karagdagang kapangyarihan ang Pangulo upang masugpo ang pandemya ng *COVID* sa bansa | | |
| 3 | *Unconditional Cash Transfer Program under Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Act* | Programa naglalayon na bigyan ng pinansyal ang hindi tuwiran mabebenepisyuhan sa pagbaba ng buwis sa sahod pero maapektuhan ng taas ng bilihin. | | |
| 4 | *Build, Build, Build Program* | Nilalayon ng programa ang pag-unlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagsasaayos ang trapik at pagsasagawa ng mga imprastrakturang makikinabang ang kalakalan sa bansa. | | |
| 5 | *ENDO Bill (End Contractualization Bill)* | Nilalayon na putulin ang matagal na sistema ng short-term employment sa bansa kasabay nito ang hindi pagkuha ng employer ng benepisyo para sa manggagawa nito. | | |


***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***